Republic of the Philippines
Province of Laguna
MUNICIPALITY OF SANTA CRUZ

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LAGUNA NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN NOONG IKA-08 NG PEBRERO, 2001, HUWEBES, GANAP NA IKA-9:30 NG UMAGA.

DUMALO :

KGG. HEIDI S. CIRIACO............................................ PANG. PUNONG BAYAN
Tagapangulo
Kgg. Eugenio A. Javier, Jr. ............................................ Kagawad
Kgg. Florencio C. Odejar............................................ Kagawad
Kgg. Ricardo B. Ramirez............................................ Kagawad
Kgg. Bernardo E. Ison............................................Kagawad
Kgg. Louie C. De Leon............................................ Kagawad
Kgg. Ariel T. Magcalas............................................ Kagawad
Kgg. Edgardo T. Porca............................................ Kagawad
Kgg. Jaime Alexander T. Calupitan............................ Kagawad
Kgg. Jeffrey A. Villaseñor............................................ Kagawad

DI-DUMALO:

Kgg. Angelito U. Limjuco............................................ Kagawad

## KAPASIYAHAN BLG. 057 – T'2001

KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG PAGBIBIGAY NG PALUGIT HANGGANG SA IKA-31 NG MAYO, TAONG ITO SA PAGPAPATALA AT PAGKUHA NG PRANGKISA PARA SA MGA PUMAPASADANG TRAYSIKEL NA DE-MOTOR SA BAYANG ITO.

SAPAGKA'T, nakapaloob sa Artikulo II Seksyon 1, Kapasiyahan Blg. 370-T'2000 / Kautusang Bayan Blg. 27-T'2000 ang pagtatakda mula sa pagbubukas ng tanggapan sa buwan ng Enero hanggang sa ika-31 ng Marso bawat taon ang pagpapatala at pagbibigay ng prangkisa para sa mga pumapasadang traysikel na de-motor sa bayang ito;

SAPAGKA'T, may kahilingan ang nakararaming kasapi ng Pederasyon ng mga samahang pantraysikel sa bayang ito na pahabain hanggang sa ika-31 ng Mayo ng taong ito ang pagpapatala at pagbibigay ng prangkisa para sa mga pumapasadang traysikel na de-motor sa bayang ito;

SAPAGKA'T, marami sa mga pumapasada ng traysikel ay nahihirapang magbayad agad sa pagpapatala at pagkuha ng prangkisa dahilan sa kakulangan ng kanilang kinikita;

KUNG KAYA'T DAHIL DITO, sa mungkahi ng Kgg. Kag. Ricardo B. Ramirez na pinangalawahan ng mga Kgg. Kag. Ariel T. Magcalas at Louie C. De Leon at sa buong pagsang-ayon at pagkakaisa ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

PINAGPASIYAHAN: Na pagtibayin ang sumusunod na:

## KAUTUSANG BAYAN BLG. 04 - T'2001

KAUTUSANG BAYANG NAGTATAKDA NG PALUGIT HANGGANG SA IKA-31 NG MAYO PARA SA PAGPAPATALA AT PAGKUHA NG PRANGKISA NG MGA TRAYSIKEL NA DE-MOTOR SA BAYANG ITO.

IPINAG-UUTOS ng Kgg. Sangguniang Bayan ng Santa Cruz, Laguna na :

SEKSYON I - Pansamantalang itakda ang pagpapatala at pagbibigay ng prangkisa hanggang sa ika-31 ng Mayo ng taong ito para sa mga traysikel na de-motor na pumapasada sa bayang ito.

(Karugtong ng Kapasiyahan Blg. 057-T'2001)

SEKSYON II - Ang Kautusang ito ay magkakabisa matapos na ito ay mapagtibay.

SEKSYON III - Ang anumang bahagi ng Kautusang Bayan na sumisinsay sa Kautusang ito ay pinawawalang bisa.

INIUUTOS: Na padalhan ng sipi ng Kapasiyahan at Kautusang ito ang Kgg. Sangguniang Panlalawigan, Kgg. Punong Bayan, Pambayang Hukom, Pinuno sa Pulisya, Pambayang Manananggol, Pambayang Ingat-Yaman, Pambayang Inhinyero, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

PINAGTITIBAY.

PINATUTUNAYAN kong tumpak at wasto ang nasasaad sa Kapasiyahang ito.

JEANETTE P. ALFONSO
Kalihim ng Sangguniang Bayan

KGG. EUGENIO A. JAVIER, JR.
Kagawad

KGG. LOUIE C. DE LEON
Kagawad

KGG. FLORENCIO C. ODEJAR
Kagawad

KGG. ARIEL T. MAGCALAS
Kagawad

KGG. RICARDO B. RAMIREZ
Kagawad

KGG. EDGARDO T. PORCA
Kagawad

KGG. BERNARDO E. ISON
Kagawad

KGG. JAIME ALEXANDER T. CALUPITAN
Kagawad

KGG. JEFFREY A. VILLASEÑOR
Kagawad

NAGPATUTOO:

KGG. HEIDI S. CIRIACO
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY:

KGG. DOMINGO G. PANGANIBAN
Punong Bayan